Embassy of the Republic of the Philippines
Ambassade de la République des Philippines
Paris

ISANG PAHAYAG MULA SA AMBASSADOR

Sa ating mga Kababayan sa Pransya,

Dahil sa pagnanais na makahanap ng mga bagong pamamaraan para maibsan ang "waiting time" na nararanasan ng ating mga mamamayan sa kanilang transaction sa Embassy, naririto po ang mga bagong alintuntunin:

1. Consular Hours

Ang consular hours ay mula 9 a.m. hanggang 4 p.m., Lunes hanggang Biyernes (maliban lamang sa official holidays). Tumatanggap kami ng WALK-IN applications para sa lahat ng uri ng consular services, kasama na dito ang passport applications.

Maaari rin namang magpa-appointment online para sa passport renewal sa pamamagitan ng ating *Consular Appointment System (CAS)*. Puntahan lamang ang ating appointment website na makikita sa: https://phinfrance.timetap.com/. Sa mga darating na panahon, madadagdagan pa ang consular services na pwedeng maikuha sa pamamagitan ng online appointment.

2. Releasing Schedule

Ang releasing schedule ng mga dokumento at passporte ay mula:

9:00 a.m.-10:00 a.m. -	Hindi kailangan ng numero
10:00 a.m.-4:00 p.m. -	Bahagi na ng pila/*queuing system* (kailangang kumuha ng numero)

3. Pick-Up by Authorized Representative

Maaaring ipakuha sa ibang tao ang inyong dokumento. Magpakita lang ng *Authorization Letter* ang taong pinakisuyuan mula sa inyo, Identification Document (ID) ng taong pinahihintulutan, at ng resibo ng pinagbayaran.

Ang pasaporte ng isang menor de edad (below 18 years old) ay maaari lamang maibigay sa magulang o kapatid na nasa legal na edad o sa isang Authorized Representative na may Special Power of Attorney (SPA) o may Affidavit of Support and Consent (ASC). Kung ang menor de edad ay illegitimate, maaari lamang maibigay ang pasaporte sa ama kung ito ay may makakapagprisinta ng Authorization Letter mula sa ina ng menor de edad kasama ng mga ID at kopya ng mga ID ng ama at ina.

4. Mailing Option

Para sa mga nais magpa-mail ng kanilang dokumeto o pasaporte sa kanilang tirahan, maaaring maghanda ng isang envelope na pre-paid at registered (Lettre recommandé avec avis de réception).

Mga paalala :

- Ang halaga ng timbre/stamp/vignette ay nakaayon sa timbang ng pakete. Ang isang pasaporte ay may timbang ng 50 grams. Maaari din naman gumamit ng Chronopost, Collisimo o kung anumang inyong naisin. Mahalagang registered ang inyong bibilhin.
- Huwag kalimutang isulat ang inyong buong pangalan at kumpletong address (building number, rue, code postal, ville) sa DESTINATAIRE.
- Ang Embahada ay hindi tumatanggap ng pera para sa mailing ng inyong pasaporte o dokumento.

5. Ukol sa Mungkahi ng Weekend Opening Hours

Sa request na magbukas ng consular service tuwing Sabado/Linggo, ang Embassy ay hindi pinahintulutan ng Homeowners' Association ng gated community (Hameau) na magbukas sa weekend.

Maraming salamat po sa inyong pag-unawa at supporta .

MA. THERESA P. LAZARO
Ambassador

AMBASSADE DES PHILIPPINES
REPUBLIKA NG PILIPINAS
PARIS, FRANCE

29 Abril 2019